# Paninindigan sa Ethiopia

Ni Amie Jane Leavitt
*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



## Ako si Tsion!

Nakatira ako sa Ethiopia, isang bansa sa eastern Africa. Mahilig akong maglaro ng soccer at magbasa. At gusto kong maging doktor paglaki ko. Sinisikap kong manindigan sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo araw-araw at pagbabahagi nito sa aking mga kaibigan!



### PAANO AKO NAGKAROON NG PATOTOO

*Nagsimba ako sa unang pagkakataon noong walong taong gulang ako. Binasa ko ang Aklat ni Mormon, nakinig ako sa mga missionary, at nanalangin. Sinabi sa akin ng Espiritu na ang Simbahan ay totoo, at ginusto kong magpabinyag. Pinasasaya ako ng ebanghelyo.*

### PAGTULONG SA AKING PAMILYA

*Ang pamilya ko ay karaniwang naglalakad papunta sa simbahan, at umaabot iyon ng mga isang oras. Kapag napagod ang kapatid kong musmos, kinakarga ko siya o ng kuya ko. Tumutulong ako sa bahay sa paghuhugas ng pinggan at paglilinis ng bahay.*





### PAGBABAHAGI NG NALALAMAN KO

*Ikinukuwento ko sa mga kaibigan ko sa paaralan ang tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Madalas magtanong sa akin ang isang kaibigan tungkol sa Simbahan—pagkatapos ay bigla siyang tumigil. Tinanong ko siya kung bakit. Nagalit daw ang mga magulang niya. Sana balang-araw magbago ang isip ng mga magulang niya.*

### MGA TIP NI TSION SA PANININDIGAN


- Magkaroon ng sarili mong patotoo. Magbasa ng mga banal na kasulatan at manalangin araw-araw.
- Ibahagi ang iyong patotoo at maging mabuting halimbawa sa iyong mga kaibigan.
- Magsimba tuwing Linggo at ipamuhay ang mga pamantayan ng ebanghelyo.



### ANG TUNGKULIN KO SA SIMBAHAN

*Ang paborito kong bahagi sa pagsisimba ay ang sacrament meeting. Ako ang tagakumpas sa musika.*

*Gusto kong matuto tungkol sa ebanghelyo. Ang paborito kong kuwento sa banal na kasulatan ay ang tungkol kina David at Goliath. Ang paborito kong awitin ay ang "Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon."*



### ANO ANG KAHULUGAN SA AKIN NG PANININDIGAN

*Ang ibig sabihin ng "paninindigan" ay pamumuhay ayon sa ebanghelyo araw-araw. Nais ng Ama sa Langit at ni Jesus na patotohanan ko Sila! Gusto kong ibahagi ng lahat ng kaibigan ko sa buong mundo ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa kanilang mga kaibigan.*

### IPADALA SA AMIN ANG IYONG KUWENTO

Paano mo sinusunod si Jesus sa pamamagitan ng paninindigan? Ipadala sa amin ang iyong karanasan at retrato, pati na ang pahintulot ng iyong magulang. Ipadala ito sa email sa liahona@ldschurch.org.

MGA LARAWANG BIGAY NG PAMILYA NI TSION; TELANG INILARAWAN NI MARK ROBISON